Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing

Filipino

# PAHINTULOT NA MAGBAHAGI NG MGA IMPORMASYONG WALANG PAGKAKAKILANLAN

Ang mga Klinika ng Medicare para sa Agarang Pangangalaga (Medicare Urgent Care Clinics) ay isang pampublikong kalusugang inisyatiba na pinopondohan ng Pamahalaang Australya at ng mga Pamahalaang Estado at Teritoryo.

Ang Klinikang ito ay mangongolekta ng ilang personal na impormasyon (tungkol sa iyo, sa iyong anak, o sa ibang tao na nasa ilalim ng iyong pananagutan) kapag nagbibigay ng mga serbisyong medikal.

> **Ang personal na impormasyon** ay impormasyon na tumutukoy sa iyo, tulad ng iyong pangalan at address. Kokolektahin ng Klinika ang iyong pangalan, edad, address, numero ng Medicare, katayuang Indigenous, impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, at mga serbisyong ibinigay sa iyo (tulad ng uri ng paggamot na ibinigay at panahon ng paggamot).
>
> Ang mga **walang pagkakakilanlang impormasyon (de-identified information)** ay impormasyon tungkol sa mga tao, ngunit ang pagkakakilanlan ng mga tao ay hindi alam at ang kanilang pagkakakilanlan ay hindi matutuklasan.

---

Napakahalaga para sa komunidad na malaman kung ang mga Medicare Urgent Care Clinic ay kumikilos upang mabigyan ang mga Australyano ng access sa napapanahon at abot-kayang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan (lalo na pagkatapos ng oras ng trabaho) at kung ito ay tumutulong upang mabawasan ang pangangailangan sa mga emergency department.

<u>**Kung sumasang-ayon ka**</u> - ang Clinic ay magbibigay ng **walang pagkakakilanlang impormasyon** tungkol sa mga serbisyong ibinigay sa iyo sa Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga ng Matatanda (Department of Health, Disability and Ageing) ng Pamahalaang Australya. Tatanggalin ng record system ng Clinic ang **iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, address at numero ng Medicare** bago ipadala ang impormasyon gamit ang may seguridad na serbisyo sa pagkolekta ng mga datos (na ibinigay ng ikatlong partido na kinontrata ng Kagawaran).

Pananatilihin ng Kagawaran na ang walang pagkakakilanlang impormasyon ay nakahiwalay sa iba pang impormasyon ng Medicare, at gagamitin lamang ito upang:

- subaybayan ang epekto ng Inisyatiba at gawing batayan sa pagpapabuti ng serbisyo;
- maghanda ng mga estadistika at ulat;
- gawing batayan at tasahin ang mga patakaran at programa ng pamahalaan;
- gawing batayan ng pagpaplano ng serbisyo; at
- magsagawa ng pananaliksik at pag-unlad.

Ang Kagawaran ay laging susunod sa mga kaugnay na batas sa pagkapribado.

---

Maaari ring magbigay ang Kagawaran ng walang pagkakakilanlang impormasyon sa iba pang mga lupon, tulad ng mga pamahalaang Estado at Teritoryo, Mga Pangunahing Network ng Kalusugan at ng Australian Institute of Health and Welfare (AIHW), upang maisagawa nila ang kanilang mahahalagang tungkulin sa pagpaplano ng mga serbisyong pangkalusugan kung saan ka nakatira at suriin kung paano gumagana ang sistema ng kalusugan..

Ang AIHW at mga pamahalaanng Estado at Teritoryo ay maaaring pagsamahin ang walang pagkakakilanlang impormasyon na ibinigay at ang iba pang mga datos na hawak nila, ngunit kung ito ay pinapahintulutan lamang sa ilalim ng pagkapribado at iba pang mga batas. Ang iyong mga walang pagkakakilanlang impormasyon ay maaaring pagsamahin gamit ang mga natatanging code na nilikha sa Clinic. Pinapagana ng mga code na ito ang impormasyon tungkol sa iyo mula sa iba't ibang mapagkukunan ng mga datos upang pagsamahin nang walang indibidwal na pagtukoy sa iyo.

***Para sa Paggamit ng Klinika***
Rekord/reference number ng pasyente:

Titiyakin ng mga lupong ito na hindi ka makikilala sa anumang mga natuklasan sa pananaliksik, ulat o iba pang mga output mula sa kanilang trabaho.

**Hindi mo kailangang sumang-ayon sa pagbabahaging ito**. Makakatanggap ka pa rin ng serbisyo mula sa Clinic kahit na sabihin mong hindi ka sang-ayon. Kung magbago ka ng isip, maaari mong sabihin sa Clinic na itigil ang pagpapadala ng walang pagkakakilanlang impormasyon (ngunit hindi nito mapipigil ang paggamit ng anumang walang-pagkakakilanlang impormasyon na naibahagi na).

**Ang karagdagang mga detalye** kung paano hinahawakan ang impormasyon bilang bahagi ng Programa ng Medicare Urgent Care Clinic, kabilang ang kung paano ka maaaring magtanong ng anuman tungkol sa pagkapribado o reklamo, ay matatagpuan sa Medicare UCC Privacy Notice, na makukuha sa https://www.health.gov.au/using-our-websites/website-privacy-policy/privacy-notice-for-medicare-urgent-care-clinics, o maaari kang humiling ng kopya mula sa Klinika.

**Kasunduan**

☐ Sumasang ayon ako na ibigay sa Kagawaran ang walang pagkakakilanlang impormasyon para sa mga layuning nakasaad sa Form na ito.

☐ Hindi ako sumasang-ayon na ibigay sa Kagawaran ang walang pagkakakilanlang impormasyon para sa mga layuning nakasaad sa Form na ito.

______________________________
*Pangalan ng Pasyente*

______________________________
*Pangalan ng Magulang o Tagapag-alaga (kung may kaugnayan)*

______________________________
*Lagda ng Pasyente/Magulang/Tagapag-alaga*

*Petsa:* ______________________

***Para sa Paggamit ng Klinika***
Rekord/reference number ng pasyente: